Pangalan:_______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Epekto ng Migrasyon**

**I. PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa kaisipan na kung saan mas pinipili ng ibang mag-aaral na magtrabaho sa ibang bansa dahil sa magandang oportunidad na naghihintay sa kanila?
   a. brain drain
   b. integration
   c. multiculturalism
   d. remittance

2.Ano ang tawag sa doktrinang naniniwala na ang iba't ibang kultura ay maaaring magsama-sama nang payapa at pantay-pantay sa isang lugar o bansa?
   a. brain drain
   b. integration
   c. multiculturalism
   d. remittance

3.Ano ang tawag sa paglipat ng mga tao sa isang lugar patungo sa ibang lugar?
   a. immigrant
   b. migrant
   c. migration
   d. multiculturalism

4.Alin sa sumusunod na sitwasyon ang hindi kabilang sa mga paglabag sa karapatang pantao na nararanasan ng mga OFW sa ibang bansa?
   a. hindi pagbibigay ng suweldo sa tamang araw
   b. hindi pagpayag na bisitahin ang mga kaibigan sa oras ng trabaho
   c. pang-aabuso ng mga illegal recruiter at mga amo
   d. pagtago ng pasaporte ng kanilang amo upang hindi makaalis sa kanilang lugar

5.Bakit maraming Pilipino ang gustong manirahan sa ibang bansa?
   a. dahil gusto nilang maranasan ang iba't ibang klima sa ibang bansa
   b. dahil mas maganda ang oportunidad at benepisyo na kanilang matatanggapsa ibang bansa
   c. dahil naniniwala silang magiging iba ang pagtingin sa kanila ng kanilang mga kapitbahay kapag sila ay bumalik na ng Pilipinas
   d. dahil sawa na sila sa korupsiyon na nagaganap sa ating bansa

**II. PANUTO:** Isulat sa kaliwang bahagi ng timbangan ang hindi mabuting epekto ng migrasyon (–) at sa kanang bahagi naman ang mabuting epekto ng migrasyon (+).

